# KAALAM

## A MULTIDISCIPLINARY JOURNAL

VOLUME 3, ISSUE NO.1, 2024

# Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Information and Communications Technology Digital Tools sa Pagtuturo ng Filipino

*Windy Q. Racho*

*Guro sa Filipino, Fatima National High School, General Santos City, Philippines*

## Abstrak

Ang qualitative phenomenological na pag-aaral na ito ay natukoy at naintindihan ang karanasan ng mga guro sa paggamit ng Information and Communications Technology (ICT) digital tools sa pagtuturo ng Filipino. Nilayon nito na makakuha ng mga tugon gamit ang open-ended at conversational approach at tinanong ang mga katanungan na: ano-ano ang karanasan ng mga guro sa paggamit ng Information and Communications Technology (ICT) digital tools sa pagtuturo ng Filipino?, at paano maging batayan ang mga karanasang ito sa paglinang at pagpapaunlad ng pagtuturo ng Filipino gamit ang Information and Communications Technology (ICT) digital tools? Naging teoritikal lens ang pag-aaral ni Everett M. Roger na Diffusion of Innovation Theory. Sampung guro sa Filipino ang naging impormante at ginamit ang semi-structured na pakikipanayam. Isa-isang kinapanayam ang mga gurong ito gamit ang in-depth interview guide. Gamit naman ang thematic analysis sa pagsusuri ng datos, natuklasan ang mga tema na aktibong nakikilahok sa mga pagsasanay, napagaan ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto, at nagkaroon ng pansariling pamamaraan sa pagtuturo at paggamit ng digital tools, na naging kalakasan ng mga guro sa paggamit nito. Samantala, natuklasan din ang mga tema na kahirapan sa internet access at gadyet, kahirapan sa pagsubaybay sa gawain ng mag-aaral, at pangangailangan ng dagdag na pagsasanay na naging kahinaan naman ng mga guro sa paggamit nito. Ang mga kahinaang ito ay nagdudulot ng kawalan ng motibasyon at nahihirapang makisabay ang mga gurong Generation X sa mga milenyals sa paggamit ng ICT digital tools partikular na ang E-lessons at E-games. Naging rekomendasyon ng pag-aaral na maaaring tiyakin ng administrasyon o tagaplano ng kurikulum kung nabigyan ba ng paglalapat ang mga natutuhan sa mga pagsasanay.

**Mga Susing Salita:** *buhay na karanasan, guro sa Filipino, digital literacy, Information and Communications Technology digital tools*

## Introduksyon

Sa mundo ng pagtuturo, tunay na ang Information and Communications Technology (ICT) digital tools ay nagdulot ng magandang kinalabasan sa ika-21 siglong edukasyon. Wala na ang mga panahon na ginagamit ang walang kamatayang Manila Paper at Pentel Pen sa buong klase, lalong-lalo na ang pagsusulat sa pisara gamit ang yeso at pambura. Bagkus, dala-dala na ng mga guro ang sariling laptop at kapag walang telebisyon ang silid-aralan, bitbit na ang sariling speaker. Ito ay sang-ayon sa isinaad sa Deped Order 42, s. 2017 sa Pilipinas na "ang guro ay nakapagpapamalas ng kakayahan sa positibong paggamit ng ICT upang maisakatuparan ang pagtuturo at pagkatuto. Sila ay nakapagpakita ng kakayahan sa pagpili, pagpapaunlad, pagsasaayos at paggamit ng iba't ibang sanggunian kabilang na ang ICT upang makamit ang mga layunin sa klase" (Bilbao et al., 2019).

Sa madaling salita, ginagamit bilang isang sanggunian ang ICT digital tools dahil ang mga mag-aaral sa kasalukuyan ay tinatawag na digital native. Ang digital native ay isinaalang-alang ang pagiging bihasa sa digital literacy. Sila rin ay may kaalaman sa etikal na isyu at paggamit nito sa pagtuturo at pagkatuto sa silid-aralan (Espique & Ayao-ao, 2020).

Ganunpaman, hindi naging madali ang mga pagsasanay, paghahanda, at pagtuturo ng Filipino gamit ang ICT digital tools. Mahirap dahil nakalilito minsan ang mga pagsasanay at kapag hindi ito nailahad sa klase nang maayos, nababagot ang mga mag-aaral. Naging isang malaking hamon sa panahon ng digital literacy ang pagtuturo ng panitikan sa Filipino na palaging mahaba ang teksto at ang ordinaryong pagbabasa ng mga bata sa aklat ay hindi na gaanong epektibo.

Kaya naman, nilayon ng pananaliksik na ito na matukoy at maintindihan ang karanasan ng mga guro sa paggamit ng Information and Communications Technology (ICT) digital tools sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Sa ganitong paraan ay natuklasan ang persepsyon ng mga guro sa pagtuturo gamit ang makabagong teknolohiya sa panitikan at gramatika.

## Katanungan sa Pananaliksik

Ang kasalukuyang pag-aaral ay naglalayong tuklasin at gawing konsepto ang karanasan ng mga guro sa Fatima National High School, Lungsod ng Heneral Santos sa paggamit ng Information and Communications Technology (ICT) digital tools sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Nilalayon din nito ang makakuha ng mga tugon

mula sa mga impormante gamit ang open-ended at conversational approach at tinanong ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano-ano ang karanasan ng mga guro sa paggamit ng Information and Communications Technology (ICT) digital tools sa pagtuturo ng Filipino?
2. Paano maging batayan ang mga karanasang ito sa paglinang at pagpapaunlad ng pagtuturo ng Filipino gamit ang Information and Communications Technology (ICT) digital tools?

## Rebyu ng Kaugnay na Literatura

### Teoritikal Lens


Ayon sa pag-aaral ni Deeley (2021), ang Diffusion of Innovation ay isang teorya na nangangahulugang isang paraan kung paano ang pag-adap ng mga bagong ideya at makabagong teknolohiya sa isang lipunan. Dagdag pa rito, nabanggit kung paano napalalaganap ang ideyang ito sa isang sosyal na sistema at kultura ng mga tao. Pinaniniwalaan ng teoryang ito na ang pag-adap sa makabagong teknolohiya o mga inobasyon sa mga paaralan ay mangyayari kapag pinatutupad ng isang administrasyon o namamahala.

Ayon naman kay Liberman (2018), ang isang populasyon ng mga tao ay maaaring mahati sa limang iba't ibang kategorya ng pag-adap, batay sa kanilang hilig o gawi sa pagtanggap ng isang tiyak na inobasyon: ang innovators, early adopters, early majorities, late majorities, at laggards. Ang innovators ay mga taong nangunguna sa pag-adap ng teknolohiya. Ang early adopters naman ay madaling makumbinsi sa paggamit ng makabagong teknolohiyang ito. Samantala, ang early majorities ay nangangailangan pa ng ebidensya sa matagumpay na paggamit nito. Napabilang naman sa late majorities ang mga taong nagdadalawang-isip sa pagbabago at kailangang magamit muna ng madla ang isang teknolohiya bago nila ito gamitin. Panghuli ay ang laggards na mga taong mabagal pagdating sa teknolohiya dahil sila'y nakatali sa makalumang tradisyon.

Kung gayon, ang Diffusion of Innovations Theory ay napakahalagang tanglaw ng pag-aaral na ito sapagka't ang mga guro ay naging miyembro ng isang sosyal na sistema. Batay sa pagsusuri, nalaman na naging bahagi ng mga kategorya sa pag-adap ng makabagong ICT digital tools ang mga impormante sa pag-aaral na ito. Makikita sa teoryang ito na may mga guro na nangunguna at mabilis ang pag-adap sa mga inilalahad na makabagong teknolohiya, subali't may ibang guro naman ang mabagal pagdating dito. Ang mga guro, bilang impormante sa pag-aaral na ito, ay naging bahagi ng mga inobasyong ito na nagdulot ng malaking pagbabago gamit ang iba't ibang ICT digital tools.

**Integrasyon ng Information and Communications Technology sa Edukasyon**

Sa kasalukuyang panahon, higit na mahalaga ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo sa buong mundo. Ang integrasyon ng teknolohiya ayon sa Edgar Dale's Cone of Experience ay nagpakita ng isang biswal na modelo ng tuloy-tuloy na proseso ng pagkatuto, isang larawan na naglalahad ng pulutong ng karanasan. Walang eksaktong relasyon sa pagitan ng mga elementong kumakatawan sa cone sapagka't ito'y isang abstrak na maaaring sumanib sa ibang elemento. Ang mga bahagi ng cone ay maaaring magkaroon ng pantay na halaga sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Nailahad sa aklat nina Bilbao et al. (2019), ang sinabi ni Edgar Dale na sa pagtuturo, ang mga guro ay hindi palaging nagsisimula sa direktang karanasan sa ilalim ng cone, bagkus, sila ay nagsisimula sa isang uri ng karanasan na akma sa pangangailangan at kakayahan ng isang partikular na sitwasyon sa pagkatuto. Kaya naman, nagiging iba-iba ang mga karanasang ito para sa iba't ibang uri ng gawain sa pagkatuto.




Pigura 1. Dale's Cone of Experience

Maliwanag na inilahad na ang cone ng karanasan ay isang kagamitan na maaaring makatulong sa mga guro na magdesisyon hinggil sa kung anong sanggunian at gawain ang gagamitin sa pagtuturo. Ang mga guro ay maaaring itanong sa sarili kung: saan aakma ang mga kagamitan sa pagtuturo na gagamitin sa cone na naayon sa karanasan ng mag-aaral; anong uri ng karanasan sa pagtuturo ang gagamitin para sa mga mag-aaral; at kung digital o hindi digital ang gagamitin para pagyamanin ang karanasan sa pagkatuto ng mag-aaral. Ang mga tanong na ito ay ilan lamang sa mga tanong na maaaring pagnilayan ng mga guro sa proseso ng pagkatuto mula sa konkreto patungo sa

abstrak sa pagpapaunlad ng mataas na kasanayan na mag-isip o higher order thinking skills (Espique & Ayao-ao, 2020).

Sa kabilang banda, sumusuporta rin sa integrasyong ICT ang Technology, Pedagogical, at Content Knowledge (TPACK) dahil sa epektibong paggamit ng teknolohiya sa silid-aralan. Ang konseptong ito ay unang pinakilala noong 1986 ni Lee Schulman, nang magkaroon ng suliranin sa pangangailangan ng mag-aaral hinggil sa kaalamang pangnilalaman. Kasunod naman ang suliraning pedagohiya sa pagpapalaganap ng ICT. Ang balangkas na ito ay dinisenyo upang maibigay ang pangangailangan ng mga guro sa integrasyon ng teknolohiya na gumagamit ng kaalamang pangnilalaman at pedagohiya (Fraser, 2020).




Pigura 2. Ang konsepto ng TPACK o Technological, Pedagogical,at Content Knowledge

Ang Venn dayagram (Pigura 2) ay nagpapakita ng pantay na pagsanib ng teknolohiya, pedagohiya at kaalamang pangnilalaman na pinapayagang magamit ng mga guro ang tatlong aspekto sa silid-aralan (Bilbao et al., 2019). Malinaw na nakalahad dito na nagiging matagumpay ang layunin sa klase kapag may integrasyon sa teknolohiya ang isang guro. Ang ICT digital tools, halimbawa, ay isang epektibong paraan upang maraming matutuhan ang mag-aaral sa klase. Ang kumbinasyong ito ay isinaalang-alang ng mga guro sa pagtamo ng isang malikhaing pagtuturo at natatanging proseso sa pagkatuto ng mag-aaral. Mas napahuhusay nito ang kalidad ng edukasyon sa kasalukuyan. Mapamaraan ang isang gurong nabibigyan ng sapat na aplikasyon ang

TPACK anuman ang hamong nararanasan ng mga guro sa loob ng silid-aralan (Caminiti, 2019).

**Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng ICT Digital Tools**

Sa pag-aaral naman ni Caminiti (2019), nagkaroon ng iba't ibang karanasan ang mga guro nang sumali ang mga ito sa 1:1 computing device program na kung saan ang mga guro at mag-aaral ay binigyan ng Chromebook laptop. Isiniwalat niya ang tatlong tema sa kaniyang pag-aaral batay sa karanasan ng mga guro sa paggamit nito tulad ng may naranasang balakid gamit ang hardware at software, pagbabago sa kanilang pedagohikal na paniniwala, at pagtaas ng kanilang propesyonal na kaunlaran batay sa kagamitang teknolohikal at software. Sa kabuoan, nagkaroon ng mas maraming positibong karanasan kaysa negatibo ang mga kalahok sa 1:1 computing device program sa pag-aaral na ito.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Diele (2020), inilarawan niya kung paano napagtagumpayan ng mga guro ang mga hamong kinakaharap sa pag-aadap ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo sa online. Napag-alaman sa kaniyang pag-aaral na gustong gumamit ng ICT digital tools ang mga guro dahil nakapagdudulot ito ng kaginhawaan, interaktibo, may benepisyo sa pagkatuto ng mag-aaral, at may aplikasyon sa totoong buhay. Samantala, mahalaga ang mabuting pamumuno ng isang guro upang maging epektibo ang paggamit ng teknolohiya sa mga silid-aralan (Fraser, 2020). Nang tinanong ang mga gurong kalahok ukol sa ano ang maibibigay ng paaralan upang mas maintindihan ng mga guro ang paggamit ng ICT digital tools sa mga silid-aralan ay nabuo ang tema tulad ng imprastraktura at pondo, pamumuno, kultura at pananaw, at ang propesyonal na pag-unlad.

Katulad din sa pag-aaral ni Deeley (2021), nang tinanong ang mga guro sa pribadong paaralan bilang kalahok tungkol sa kanilang persepsyon sa pagsagawa ng technology-infused na pagtuturo, may nabuong tema na tungkol sa oras, benepisyo sa mag-aaral, at propesyonal na pag-unlad. Tinanong sila sa pangalawang pagkakataon kung ano ang mga balakid sa pagsagawa ng technology-infused at nabuo ang mga tema tulad ng pagkabigo ng teknolohiya, walang benepisyo sa mag-aaral, at walang benepisyo para sa tradisyonal na mga guro. Ang pananaliksik na ito ay may balanseng benepisyo at kahinaan para sa mga guro sa paggamit ng technology-infused na pagtuturo.

Ang disertasyon na sinulat ni Gates (2021) ay isinagawa ang semi-structured interview sa 17 na kalahok sa kanilang distrito at napag-alaman niya ang mga mahuhusay na kasanayan sa pampropesyonal na kaunlaran para sa birtwal na edukasyon. Ito ay ang pagpukaw ng interes ng mag-aaral, kagamitan at kaalaman, pagpapayabong at pananatili ng koneksyon, patuloy na kaunlarang pampropesyonal, at pagkakaiba ng

kaunlarang pampropesyonal. Ito ay taliwas naman sa pag-aaral ni Keckler (2018) nang tanungin ang kaniyang kalahok hinggil sa persepyon nila sa mga kagamitang panteknolohiya nang magkaroon ng pagsasanay. Isa sa pangkalahatang sagot ng kalahok ay tungkol sa kahirapang pansilid at kawalan ng internet, walang sapat na programa at nakalilitong panuto ng tagapamahala ng isang pagsasanay na maaaring magdulot ng kalituhan sa mga kalahok at hindi mailapat ang kasanayan.

**ICT Platform sa Pilipinas**

Ayon sa dyornal nina Yang et al. (2020), napag-alaman na nagagawa ng ICT platform na gawing kahali-halina ang pagtuturo ng guro at pagkatuto ng mag-aaral. Totoong nakatutulong ito upang mapamahalaan at maganyak sa pagkatuto ang mag-aaral. Sa teoritikal man o praktikal na pagkatuto, nakatutulong nang malaki ang ICT sa larangan ng edukasyon sa wika. Dagdag pa, ang paksa hinggil sa ICT sa larangan ng edukasyong pangwika ay nararapat na bigyan ng pansin sa pananaliksik. Hinihikayat din ang mga guro na magsagawa ng pagsasanay gamit ang iba't ibang ICT platforms.

Sa panahon ngayon, tunay na kailangan ng bawat guro at mag-aaral ang interaksyon sa teknolohiya. Kaya naman, nagsasagawa ng iba't ibang pananaliksik at webinars upang mas maunawaan pa ang iba't ibang platforms sa ICT, katulad na lamang ng Google Applications na isa sa mga halimbawa ng Cloud Computing. Sa pag-aaral na ginawa ni Ng (2020), tinanong niya sa pamamagitan ng pakikipagpanayam ang mga guro sa Hongkong kung alin sa Google Applications ang malimit na ginagamit sa pagtuturo tulad ng Google Drive, Google Docs, Gmail, Google Slides, Google Form, Google Sheet, Google Calendar, Google Classroom, Google Sites, at Google Hangouts. Napag-alaman niya sa kaniyang pag-aaral na nangunguna ang Google Drive sa malimit na ginagamit, pangalawa ang Gmail at Google Docs, pangatlo ang Google Slides, at pang-apat ang Google Form.

Sa tesis ni Vallejo (2019), napag-alaman na naging mas makabuluhan ang paggamit ng video clip kaysa sa tradisyunal na lektyur na pamamaraan sa pagtuturo ng Mathematics. Sa madaling salita, ang mga mag-aaral sa ika-10 baitang na SARDO o At Risk of Dropping Out ay nahalina sa paggamit ng makabagong teknolohiya. Napatunayan sa pag-aaral na ito, na naging maunlad ang mag-aaral sa pagsasagawa ng mga gawaing pampagkatuto dahil sa video clips. Nakuha ng guro ang interes ng mag-aaral dahil sa makukulay at makabagong video. Tunay na mabuti ang naidudulot nito sa mag-aaral, mapababae man o lalaki. Ganunpaman, patuloy na hinihimok ang mga kaguruan na magsaliksik pa ng iba't ibang video clip sa pagtuturo at gamitin sa klase lalong-lalo na sa mga SARDO.

Binanggit ni Cabactulan (2019) sa kaniyang pag-aaral na ang paggamit ng E-

learning sa pagtuturo ng panikan ay epektibo. Ang paksang-aralin sa panitikan ay malimit na mahahaba at napaiikli ito ng pagtuturong pang-elektroniko. Ang mga mag-aaral sa ika-8 baitang na may E-learning ay mas mataas ang antas ng pagkatuto kaysa sa mga mag-aaral na may lektyur na estratehiya sa pagkatuto. Kung ganoon, mas mabisa ang paggamit ng E-learning kaysa sa lektyur na estratehiya. Ganunpaman, mas mapahuhusay ang pagtuturo kapag ang mga guro ay magkakaroon ng malawakang pagsasanay ukol sa iba't ibang E-learning. Ang pagsasanay na ito ay magagamit ng mga guro hindi lang sa panitikan, bagkus maging sa lahat ng asignatura. Ang pagsasanay na ito na magiging makabuluhan para sa mga gurong patuloy na naghahanap ng makabagong uri ng pagtuturo sa panitikan at balarila.

**Pagtuturo sa Filipino**

Ayon sa aklat ni Maranan (2016), nabanggit ng isang linggwista na si Gleason na ang wika ay dinamiko. Ito ay patuloy na nagbabago sa paglipas ng maraming panahon. Sa bawat henerasyon, maraming nagbago sa wika. Totoong ito ay walang katapusang pagbabago lalong-lalo na sa edukasyon. Dagdag pa, namomodipika ang wika dahil sa adaptasyon ng bawat taong nangangailangan nito. Depende sa kalagayan ng tagapagsalita at pangangailangan, maaari itong mabago sa paglipas ng panahon. Isa rin sa maaaring magbago kasabay ng wika ay ang teknolohiya kaya nagbabago rin ang mga talasalitaang ginagamit ng mga tao. Sa ginawang pananaliksik, wikang Filipino ang ginamit.

Sa aklat ni Gonzalvo (2016), binanggit ang mga sitwasyong pangwika sa Filipino tulad ng: ang paggamit ng sariling wikang Filipino ay napapataas ang kahusayan, karunungan, at kakayahan ng mga Pilipino sa larangan ng edukasyon; ang tagapaglinang at tagapagtaguyod ng wikang Filipino tulad ng Komisyon ng Wikang Filipino ay hindi nagkulang sa pagplano upang makasabay sa mundo ng globalisasyon, at; ang Filipino bilang asignatura sa kurikulum ay natututuhan kasabay ng wikang Ingles sa mga paaralan. Magkasinghalaga ang lahat ng asignatura at Filipino sa larangan ng edukasyon. Dagdag pa rito, sa kasalukuyang panahon, kaagapay ng lahat ng asignatura ang Filipino sa mapanghamong panahon ng globalisasyon. Kasama sa globalisasyong ito ang patuloy na pagbabago ng edukasyon dahil sa makabagong hatid ng teknolohiya (Fernandez, 2021).

Ang wikang Filipino ay wikang Pambansa sa Pilipinas na nagpapalapit sa bawat mamamayan tungo sa pagkakaunawaan at pagkakasundo. Maunlad at patuloy na yumayabong ang isang wika kapag ginagamit lalong-lalo na sa pagtuturo sa mga paaralan. Ang pagpapaunlad ng wika ay pagpapalinang din sa mga taong nakatira sa isang bansa (UP Diliman University Council, 2018). Ayon nga kay Gat. Jose P. Rizal,

"ang taong hindi marunong magmahal sa sariling wika, ay higit pa ang amoy sa mabaho at malansang isda". Patunay lamang na kailangang itaguyod at bigyan ng halaga ang wikang Filipino sa bansang Pilipinas para sa mga Pilipino.

**Pamamaraan**

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng qualitative phenomenological na disenyo upang matukoy ang buhay na karanasan ng mga guro sa paggamit ng Information and Communications Technology (ICT) digital tools sa Fatima National High School. Ito ay upang matamo ang kahusayan sa paggamit nito sa pagtuturo. Ang kanilang mga tugon ay naging mahalagang mga datos sa pagkamit ng isang mahusay na pagtuklas ng karanasang natatangi sa lahat.

Ang kwalitatibong pananaliksik ay "kung ano" ang iniisip ng mga tao maging kung "bakit" sa palagay nila ganoon. Ito ay batay sa iba't ibang disiplina ng agham katulad ng sikolohiya, sosyolohiya, at antropolohiya (Creswell, 2014). Ayon sa pag-aaral ni Deeley (2021), ang pamamaraang ito ay may layuning matamo ang higit na pang-unawa sa mga buhay na karanasan, paniniwala, at persepsyon ng mga impormante.

Ang phenomenological na disenyo na pananaliksik ang ginamit sapagka't ninais ng mananaliksik na malaman ang buhay na karanasan ng mga impormante sa paggamit ng Information and Communications Technology (ICT) digital tools. Inaasahan na nasiyasat ang kanilang saloobin at damdamin hinggil sa ICT sa pamamagitan ng semi-structured na pakikipanayam. Sa pamamagitan ng semi-structured na mga tanong ay nakakuha ng kaalaman hinggil sa paniniwala at palagay ng mga impormante sa pag-aaral na ito.

**Mga Impormante sa Pag-aaral**

Ang lahat ng mga impormante sa pag-aaral na ito ay mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Fatima National High School. Sa kabuoan, sila ay sampung guro sa Filipino mula sa paaralang ito. Ang mga gurong ito ay kasalukuyang nagtuturo ng asignaturang Filipino mula sa General Santos City Division, sa probinsya ng South Cotabato. Sila rin ay full-time na nagtuturo sa isang pampublikong paaralan, kwalipikadong guro sa Filipino at mayroong online na klase sa panahon ng bagong normal na edukasyon.

Ang mga gurong ito ay tumugon sa Google Form na naglalaman ng kanilang personal profile kabilang na ang pangalan, edad, taon sa pagtuturo ng Filipino, bilang ng seksyon sa online na klase, at ang petsa kung kailan nais ng panayam. Sampu rin ang tumugon sa chat sa Facebook Messenger, sapagka't nagkaroon ng iba't ibang iskedyul ng pagpasok sa paaralan ang aking mga impormante sa panahon ng bagong normal.

Kalakip ng mensahe sa Facebook Messenger ay ang consent form at binasa nila sa loob ng isang linggo.

Samakatuwid, ang pagpili ng sampol sa kwalitatibong pag-aaral na ito ay purposive sampling. Umaasa ang mananaliksik sa sariling paghuhusga sa pagpili ng populasyon na kasangkot sa pag-aaral. Ito ay nararapat sapagka't ang mga impormante ay madaling mapili, madaling malapitan, at malapit sa mananaliksik (Keckler, 2018).
Samantala, upang maitago ang pagkakakilanlan ng mga impormante ay kinilala sila bilang mga code na sina Ka, Kb, Kc, Kd, Ke, Kf, Kg, Kh, Ki, at Kj.

**Pangangalap ng Datos**

Sa pangangalap ng mga datos, ginamit ng mananaliksik ang semi-structured open-ended interview questions sa pakikipanayam sa sampung full-time na mga guro sa Filipino. Ayon sa pag-aaral ni Deeley (2021), ang kwalitatibong pag-analisa ng datos ay ang pagkuha ng pangkalahatang tema na nabanggit ng mga tao.
Sa araw ng panayam, isa-isa silang pumunta sa Special Program in the Arts – Media Arts Center sa Fatima National High School. Dahil sa pandemya ay nagsagawa muna sila ng health protocol.

Nilagdaan ang consent form at binigyan sila ng hard copy para sa sariling kopya. Ang kopya naman ng mananaliksik ay para sa code ng mga impormante. Sila ay pumayag sa nakasaad sa consent form na ang pakikipanayam ay recorded at gumamit ng smartphone na may mahusay na kalidad sa pag-record ng mga datos.
Pang-apat, habang ginawa ang panayam, hiniling sa kanila na tumugon sa kanilang karanasan sa paggamit ng Information and Communications Technology (ICT) digital tools sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Binasa ang in-depth interview guide na iskrip upang maging maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga tanong. Ito ay isahang pakikipanayam na umabot ng 30 minuto o mas mababa pa bawat isa.

Panlima at panghuli, nang nakuha na ang mga tugon, isinagawa ang thematic analysis sa pamamagitan ng pagtakda ng panahon para sa pagkopya, rebyu, at coding ng bawat panayam. Nagsagawa ng kopya o transkripsyon mula sa nai-record na panayam at ibinalik ito sa mga impormante upang mabalikan ang kanilang sinabi. Binigyan ng isang linggo ang bawat impormante sa pag-rebyu at isang impormante lamang ang humiling na baguhin ang kaunting sinabi niya sa panayam, kaya isinagawa ang pag-edit ng kaniyang transkripsyon at ibinalik muli ito sa kanya.

Siniguro ng mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay nakakuha ng wastong tugon sa pagkolekta ng datos. Sapagka't ayon sa pag-aaral ni Liberman (2018), ang kwalitatibong pananaliksik ay nakasentro sa lived experiences ng pinag-aaralang populasyon at ang aplikasyon ng pamamaraan ng pagkolekta at pagsusuri ng datos ay

nakahanay sa phenomenological na pag-aaral. Ang daloy at proseso ng pagpapalitan ng kuro-kuro ng mga impormante ay napakapayak at natural na tulad ng isang ordinaryong pormal na pakikipagtalastasan. Ang pakikipanayam sa kanila ay larawan ng isang karaniwan at taos-pusong komunikasyon na ayon lamang sa kanilang kasalukuyang nararanasan sa silid-aralan.

**Pag-aanalisa ng Datos**

Nang ang lahat ng impormante ay may kopya na at naaprubahan na nila ang kanilang transkripsyon, ang mananaliksik ay gumamit ng coding na manwal na isinagawa sa pag-alam ng karaniwang tema mula sa datos. Ito ay ginawa sa pamamagitan ng Microsoft Excel upang maayos ang mga codes. Ganunpaman, bago pa man ginamit ang coding ay nagkaroon muna ng hand coding, isang proseso ng pagbibigay kategorya ng isang tao sa pamamagitan ng pagsusulat habang isinasagawa ang pakikipanayam (Sweitzer, 2019). Pagkatapos ng unang pakikipanayam ay nagsagawa ng listahan ng mga tema na makatutulong sa sinusundang panayam. Ang paglilistang ito ay nakatulong sa pagkakaroon ng wastong pagkalap ng mga impormasyon.

Samakatuwid, nang nalikom na ang mga datos mula sa pakikipanayam, ito ay sinuri sa pamamagitan ng thematic analysis. Ang thematic analysis ay isang proseso ng pagsusuri ng datos na nakuha sa pamamagitan ng kwalitatibong pananaliksik. Ginamit sa pag-aaral na ito ang induktibong thematic analysis dahil naging bukas ang mananaliksik sa mga posibleng tema na nais tuklasin at nagsagawa ng mga kategorya sa mga datos habang isinagawa ang pananaliksik. Ito ay katulad ng sumusunod na hakbang ayon sa nabanggit na pag-aaral ni Deeley (2021).

Una, ang pamilyarisasyon na naging masusing pananaw ng lahat ng mga impormasyon ay ginawa bago ang thematic analysis sa tulong ng transkripsyon, pagtatala at pagsusuri sa impormasyon upang maging pamilyar ang mga ito. Kasunod, ang coding ng mga seksyon ng teksto na binigyang-diin at binigyan ng mga maiikling tatak o code upang ilarawan ang kanilang nilalaman. Pangatlo, ang pagbuo ng mga tema na ang mga code na nilikha ay tiningnan ang kaayusan ng mga salita at pagkilala sa mga temang ito. Pagkatapos, ang pagsusuri sa mga temang ito na tiniyak na may kapaki-pakinabang at tumpak sa paglalahad ng mga impormasyon. Pang-apat, ang pagtukoy at pagbibigay ng pangalan sa mga tema na kasangkot sa pagbabalangkas ng eksaktong kahulugan at pag-unawa kung paano ito nakatulong sa pag-intindi ng mga tema. Panghuli, ang pagsusulat bilang pangwakas na hakbang na ginawa na nangangahulugang pagsulat para sa pagsusuri ng mga impormasyon (Lucey, 2018).

**Konsiderasyong Etikal**

Sinunod ng mananaliksik ang konsiderasyong etikal sa pagsasagawa ng isang qualitative na pananaliksik upang mabigyang proteksyon, paggalang, at pantay na karapatan ang mga impormante. Ang pamantayan na itinakda ng Holy Trinity College, Lungsod ng Heneral Santos ay isinagawa upang maiwasan ang pagsali sa mga gawain na maaaring ikapahamak o pag-abuso sa mga impormante ng pananaliksik. Katulad na lamang ng paghingi ng pahintulot sa Schools Division Superintendent ng Dibisyon ng Lungsod ng Heneral Santos at sa punongguro ng Fatima National High School. Bago pa man ang pakikipanayam ay ibinigay na sa kanila ang consent form na nagpaunawa sa kanila sa mga layunin, benepisyo, at proseso ng pag-aaral. Mahalaga rin na ang lahat ng partisipasyon ng mga impormante ay boluntaryo. Walang anumang multa para sa kanila na ayaw sumali sa panayam sapagka't walang sapilitang naganap at maaari silang umatras anumang oras nilang naisin na hindi na kailangang magpaliwanag.

Isinaalang-alang ang pagiging kumpidensyal ng mga tugon na ginamit sa kapaki-pakinabang na pamamaraan at may proteksyon. Ang tugon ng mga impormante ay nakatago at ilalabas lamang para magamit sa pananaliksik. Isinaalang-alang na ang resulta ng pag-aaral na ito ay isinagawa nang maayos at walang kinikilingang kasarian. Pantay ang pagtingin sa lahat ng mga impormante, mapababae man o lalaki. Sa pamamagitan ng paggalang sa kanilang kultura katulad ng wikang ginamit, paraan ng pagsasalita, at anumang bahagi ng kanilang gawi ay tinanggap. Iniwasan din ang mga salitang makasasakit sa mga impormante kaya maingat ang mga salitang ginamit sa oras ng pakikipanayam. Ang kanilang unang wika o mother tongue ay nakatala sa transkripsyon. Sa araw naman ng panayam, ang health and safety protocols ay isinagawa upang masiguro ang kaligtasan ng mga impormante.

**Paglalahad ng mga Resulta**

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga natuklasang tema sa pag-analisa ng buhay na karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino gamit ang Information and Communications Technology (ICT) digital tools, at kung paano maging batayan ang mga karanasang ito sa paglinang at pagpapaunlad ng pagtuturo ng Filipino gamit ang Information and Communications Technology (ICT) digital tools. Ang datos mula sa mga impormante na sina Ka, Kb, Kc, Kd, Ke, Kf, Kg, Kh, Ki, at Kj ay nilikom at inalisa sa pamamagitan ng thematic analysis.

Narito ang talahanayan 1 at 2 upang masagutan ang unang tanong sa pananaliksik na ito. Kasunod naman ay ang mga pahayag mula sa iba't ibang dalubhasa sa pagsagot ng pangalawang tanong na mababasa sa talakayan ng pag-aaral.

**Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Information and Communications Technology (ICT) Digital Tools sa Pagtuturo ng Filipino (Kalakasan)**

Tunay na ang karanasan ay ang pinakamahusay na guro. Ang paggamit ng ICT digital tools sa panahon ng harapang klase ay nadagdagan sa panahon ng online. Samakatuwid, ang pag-adap sa makabagong mundo ng pagtuturo at pagkatuto ay patuloy na umuusbong at umiiral anumang uri ng panahon. Ang unang talahanayan sa ibaba ay nagpakita ng karanasan ng mga guro sa paggamit ng ICT digital tools sa Filipino at ang kalakasan nila sa paggamit nito.

**Aktibong Nakikilahok sa mga Pagsasanay**

Nangibabaw ang temang ito na may pangunahing ideya tulad ng aplikasyon sa mga natutuhan, ang kolaborasyon sa kasamahan, at ang pag-adap at pakikiayon sa teknolohiya. Dahil sa mga pagsasanay na Technology Enhance Learning Approaches o TELA, naging interesado ang mga guro sa pagtuklas ng kakaibang uri ng pagtuturo at pagkatuto gamit ang internet. Ito ay sinuportahan ng pag-aaral ni Lamb (2021) hinggil sa "pagsasanay". Sinabi ng kaniyang mga kalahok na sa kabila ng maikling panahon ay nakatulong nang malaki ang kanilang pagsasanay upang magkaroon ng tiwala sa sarili ang mga guro para sa mga batang digital natives.

**Talahanayan 1**

**Kalakasan ng Guro sa Paggamit ng ICT *Digital Tools***

| Mga Tema | Pangunahing Ideya | Dalas ng mga Tugon |
|---|---|---|
| Aktibong Nakikilahok sa mga Pagsasanay | Aplikasyon sa mga Natutuhan | Pangkalahatan |
| | Kolaborasyon sa Kasamahan | Pangkalahatan |
| | Pag-adap at Pakikiayon sa teknolohiya | Pangkalahatan |
| Mapagaan ang Proseso ng Pagtuturo at Pagkatuto | Mabilis ang Paglalahad ng Aralin | Pangkalahatan |
| | Pinagkukunan ng Impormasyon ang Teknolohiya | Pangkalahatan |
| | Napukaw ang Interes ng Mag-aaral | Pangkalahatan |
| Pansariling Pamamaraan sa | Pansariling Pagkatuto | Tipikal |
| | Eksplorasyon | Tipikal |

| | | |
|---|---|---|
| Pagkatuto sa Paggamit ng *Digital Tools* | Mapamaraan | Pangkalahatan |

**Aplikasyon sa mga Natutuhan.** Matapos ang mga pagsasanay na isinasagawa sa mga paaralan, kailangang mabigyan kaagad ng aplikasyon ang mga natutuhan upang mapreserba ang kaalaman at matutuhan din ng mag-aaral. Ang mga guro ay nagbahagi ng kanilang karanasan sa sumusunod na transkripsyon mula sa pahayag nina Ka at Ke:

> Ka: May mga *seminars* tayo. May mga *seminars* na nag-*conduct* naman yong *school* natin… *So, later on*, syempre, nagtatanong sa mga kasamahan sa inyo…sa departamento.
> Ke: Nagkaroon kasi kami ng mga *series of seminars* dito sa mga Technology Enhance Learning Activities (Approaches) na ito na kung saan, yong mga kapwa naming guro, na bihasa din pagdating sa ICT, sila yong nagturo sa amin. Pagkatapos ay ini-*apply* (inilapat) kaagad sa klase.

Ang ideyang ito ay sinuportahan ng pag-aaral ni Dieli (2020), batay sa kaniyang natuklasang tema na “applying new skills learned within and outside of the classroom” na ang kaniyang mga kalahok ay binibigyang halaga ang aplikasyon ng iba’t ibang E-lesson dahil sa paniniwalang ito ang landas na kanilang tinatahak.

**Kolaborasyon sa Kasamahan**. Sa mga pagsasanay na ito ay nagkaroon ng malaking gampanin ang kolaborasyon sa kasama upang mas mapadali ang paggamit ng ICT digital tools.

> Kb: … *And then* (At pagkatapos), magtanong-tanong din po ako sa mga *co-teacher* ko, kung sino yung nakakaalam magpapaturo, *then* (tapos), natutuhan naman po.
> Ke: Ano pa rin, magtanong-tanong pa rin sa kasamahan mo sa… sa trabaho. Paano ito ginagawa… Pagdating sa ICT, medyo nahihirapan tayo na matuto, ang gagawin natin, magpapaturo tayo doon sa mga… mga nakakaalam.

Ang kolaborasyon ng mga guro sa isa’t isa ay nakapagdudulot ng ibayong lakas at motibasyon na gamitin pa ang ICT digital tools sa klase. Kaugnay ito sa pag-aaral ni Pettway (2019), ang tema niya hinggil sa “ang pakikisama sa mas batang manggagawa ay nakapagbibigay ng lakas” na bahagi rin sa pagsasanay ng mga guro, nangangahulugang mahalaga ang magandang rapport sa kasamahan upang mapagaan ang mga gawain gamit ang ICT digital tools.

**Pag-adap at Pakikiayon sa Teknolohiya**. Ito ay naipahayag ng mga guro sa kabila ng kanilang edad lalong-lalo na ang Generation X. Ang pag-aadap sa teknolohiya ay kailangang mailapat sa pagtuturo. Ang mga digital natives ay lumaki sa teknolohiya kaya alam nila na ang mga impormasyon ay maaaring makuha sa iba't ibang gadyet, hardware at software. Kaya naman, bilang isang guro, kailangan ang pag-ampon at pakikiayon sa teknolohiya upang hindi mapag-iwanan ng panahon. Narito ang ipinahayag na kalakasan ng mga impormante:

> Ka: Siguro tama lang, di naman siguro. Ano lang na marunong ako. Maka-*share* ako. Kung ano ang gusto kong… kong hanapin doon, lalo na ngayong *new normal* may koneksyon (*internet*) na tayo dito. Ganon ba yon? So, mabuti na lang at may natutuhan din ako na kahit kunti, nakakasabay ako. Hindi ba napag-iiwanan na as in wala na lang talaga."
> Kb: Kaya nga kahit na sa ganito na ang edad namin, kailangan naming matuto dahil gaya nga ng sabi nila habang tumatanda, mas lalo nating pagsikapang makasabay sa daloy ng pagbabago sa edukasyon.

Ang pag-adap ng teknolohiya sa pagtuturo ay kaugnay sa pag-aaral ni Dieli (2020). Ayon sa kaniya, may tatlong konsiderasyon 84aggin-adap ng teknolohiya: ang suporta ng administrasyon, ang propesyonal na pagpapaunlad at ang pandalawahang interaksyon. Kaya naman, hindi maikakaila na 84agging bahagi na ito ng pang-araw-araw na karanasan ng mga guro sa paaralan.

## Mapagaan ang Proseso ng Pagtuturo at Pagkatuto

Natuklasan ang tatlong pangunahing kaisipan mula sa tema na ito, ang mabilis na paglalahad ng aralin, pinagkukunan ng impormasyon ang teknolohiya, at napukaw ang interes ng mag-aaral. Napakagaan ang pagtuturo gamit ang ICT digital tools sapagka't nariyan na lahat, madali na lang ang paglalahad at pagkuha ng impormasyon at sinuportahan naman ito ng pag-aaral ni Aslan (2020) na natuklasan ang opinyon ng mga guro hinggil sa isang flipped classroom, ang "madaling paglalahad ng aralin" gamit ang digital tools. Kapag mahusay ang isang guro sa paggamit ng ICT digital tools, madali na lamang sa kaniya ang paglilipat ng impormasyon sa mag-aaral.

**Mabilis ang Paglalahad ng Aralin.** Isa sa mga layunin ng teknolohiya ay upang mapabilis ang gawain ng mga tao. Ang paglalahad ng aralin ay sa pamamagitan na ng PowerPoint Presentations, video lesson, E-lesson, E-games, at Google Classroom na totoong magagamit ng mga guro sa anumang panahon sa pagtuturo. Binanggit ito ng mga impormante sa sumusunod na transkripsyon:

> Kc: Syempre, mas mabilis, mas ano sila (may partisipasyon), lalo na kapag nagpa-*video* ka, makita nila agad yong naka-*flash* doon sa *screen*.
> Kh: Ang ginagamit namin, Google Classroom, kapag may *activities* (gawain), may *drawing* (guhit) mga ganyan o gagawa sila ng tula, pipicturan (kukunan ng larawan) at ise-send (ipapasa) nila ganoon. Yong *output* nila, doon ko na tine-tsek (winawasto) sa Google Classroom.

Ganundin ang pag-aaral ni Diele (2020), sa kaniyang temang "kaginhawaan" sa paggamit ng digital tools sa pagtuturo ng guro at pagkatuto ng mag-aaral. Mabilis ang paglalahad ng aralin lalo na sa paggamit ng iba't ibang applications dahil mas pinipili ng mga guro kung aling digital tools ang mas pinakamadaling paraan ng paglalahad ng aralin sa klase.

**Pinagkukunan ng Impormasyon ang Teknolohiya.** Napapagagaan ang pagbibigay ng mga impormasyon sa talakayan katulad ng panitikan at gramatika na madalas na mahahaba at nakababagot sa mag-aaral. Ang Google Classroom, halimbawa, ay isang Learning Management System na madali na lang ang pagpasa ng gawain, pagwasto ng awtput at pagbibigay ng tugon sa mag-aaral.

> Ki: Mas mapadali ang pagtuturo ko, ma'am Win…yong video tungkol doon sa topic. I-download mo lang o ipa-play sa kanila, gamit ang Google Classroom. So, pag may dagdag o katanungan sila, don ka na lang mag-butt-in (sumingit) na, sa mga tanong nila, dagdagan na lang.
> Kj: Ang kalakasan o advantage ko sa paggamit ng ICT sa pagtuturo online ay mas madali kong naipararating sa mga mag-aaral ang aking leksyon gamit ang ICT. Malaya rin kaming nagpapalitan ng kuro-kuro, ako bilang nagpapaliwanag at nagbibigay ng impormasyon at ang mga mag-aaral na naiimbak ang mga kaalaman mula sa akin at mula sa aking presentasyon katulad pa rin ng Powerpoint.

Ayon kay Sweitzer (2019), sa temang "kalakasan sa propesyonal na pag-unlad", nakatulong nang malaki ang Google Apps at iba't ibang uri ng applications sa pagsama nito sa talakayan. Dahil sa apps, hindi naging kabagot-bagot ang klase, bagkus, naging daan ito upang makapagbigay ng impormasyon o kaalaman sa mag-aaral sa napakabilis na paraan.

**Napukaw ang Interes ng Mag-aaral**. Napukaw ang interes ng mga estudyante dahil sa makukulay, masaya, at buhay na presentasyon sa klase gamit ang iba't ibang ICT digital tools. Sa pag-aaral na ito, nabanggit ng mga impormante na sa pamamagitan

ng E-games at Google Form ay madali na lamang ang pagbibigay ng iskor. Binanggit ng mga impormante:

> Kf: Ngayon sa *before* (noon)? (mananaliksik: noon sa *face to face*) So, mas naaano, ay --- mas nakakadagdag siya sa pagpukaw ng interes ng mga mag-aaral.
> Kg: "…*since participative* (may partisipasyon) sila, ikaw bilang isang *teacher* (guro), ginaganahan ka na magturo kasi sa kanilang mga mata mismo nakikita mo na *engage* (nahuhumaling) sila sa klase."

Dagdag din ang pag-aaral ni Winterhalder (2017), sa kaniyang natuklasang tema na "pagkuha ng atensyon ng mag-aaral at kolaborasyon" na 100 porsyento sa mag-aaral ang nakikilahok sa klase dahil sa applications gamit ang mobile cellphone. Napakalaking tulong ng mga apps upang makuha ang atensyon ng mag-aaral. Sapagka't mas gusto nila ang gumagalaw-galaw na larawan at interesado sila sa iba't ibang grapiks na pinapakita ng guro sa klase.

**Pansariling Pamamaraan sa Pagkatuto sa Paggamit ng Digital Tools**

Ito ay nabuong tema sapagka't bukod sa pakikilahok sa mga pagsasanay, kadalasang binanggit din ng mga kalahok na natututo sila sa kanilang sariling pamamaraan sa paggamit nito. Ang mga guro ay gumagawa ng paraan sa kabila ng suliraning nararanasan pagdating sa ICT digital tools. Kaya naman, may tatlong pangunahing kaisipan ang may kaugnayan dito, ang pansariling pagkatuto, eksplorasyon at pagiging mapamaraan at ito ay sinuportahan ng pag-aaral ni Pettway (2019), tungkol sa "pagpapatuloy sa pansariling pagkatuto gamit ang teknolohiya" na kung saan, naintindihan ng kaniyang mga kalahok na hindi sapat ang pagsasanay sa mga seminars, kailangang may pagkukusa pa upang maging bihasa sa paggamit ng teknolohiya.

**Pansariling Pagkatuto**. Ang mga guro sa panahon ng teknolohiya ay kailangang maging handa sa mga hamon ng pagtuturo tulad na lamang ng pansariling pagkatuto. Ang mga pagsasanay sa mga Google Apps at Hyperlink ay nakatulong sapagka't nakararating kahit saan ang mga guro, subali't hindi ito magiging sapat upang manatili rito. Kailangan pa ng ibayong pananaliksik upang mapukaw pa ang interes ng mag-aaral sapagka't ang guro ay isang lifelong learner tulad ng mga kabataan. Binanggit ng mga impormante na natuto rin sila sa pamamagitan ng sariling pagsisikap upang matuto.

Sa pag-aaral naman ni Gates (2021), nabanggit niya na bilang isang guro, kailangang gumawa ng paraan upang "maging isang mahusay pa na guro", isang guro na kabilang sa panghabambuhay na pagkatuto. Ang sariling pagkatuto ng mga guro ay patunay na naghahanap siya ng paraan upang mas mapahusay pa ang kanyang pagtuturo gamit ang iba't ibang ICT digital tools.

> Kg: Dapat *willingness to explore* at maghanap ng mas magandang *apps* o *platforms* na *need* (mahalaga) para sa iyong klase.
> Kh: Nag-*research* o nagsaliksik ako kung ano ang

**Eksplorasyon.** Ang Nearpod at Google Form, halimbawa, ay natutuhan ng mga kalahok sa pamamagitan ng seminars subali't nagdagdag pa sila ng pansariling eksplorasyon sa mga platforms na ito. Ito ay ginagawa sa magiliw at buong-pusong pamamaraan upang makamit ang layunin sa klase. Binanggit nina Kg at Kh na natutuhan nila ang ibang ICT digital tools dahil sa sariling eksplorasyon.

Ito rin ay sinuportahan ng pag-aaral ni Deeley (2021) na "ang mga guro ay gustong matuto" upang matulungan ang mag-aaral. Positibo ang persepsyon ng mga guro upang maging matagumpay ang mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Kaya, ang guro sa kaniyang pag-aaral ay malayang nakapupunta kahit saan gamit ang ICT digital tools.

> Kb: "*Self-learning* po sa YouTube tinitignan ko lang po kung paano eh *access*, paano siya gawin… ganon din ang Google Form (tawa). Tingin-tingin lang din, tiyaga lang po talaga sa paghahanap ng *ways* (paraan) kung paano gamitin."
> Kh: "… nagsaliksik ako kung ano ang pwedeng gamitin para makapagturo ako nang maayos. Kasi bago sa akin yong Google Meet".

**Mapamaraan.** Kaya naman, habang natututo ay naaaliw rin ang mag-aaral dahil mapamaraan ang guro. Kapag walang internet sa paaralan, isinasagawa na lamang sa tahanan ang pag-download upang mailahad sa klase. Kaya ang atensyon ng guro ay nakasalalay rito upang matamo ang kalakasang ito. Isinaad ng mga impormante sa sumusunod na transkripsyon:

> Ka: … hindi ako gumagamit (ng ibang *digital* ICT bukod sa Powerpoint) unang una dahil wala tayong access sa *internet* dito sa school. Hindi aabot sa mga *classroom*, kundi ang ginagawa ko na lamang ay gagawa sa bahay, magda-download doon.
> Kj: Mahirap ang *video lesson* kasi lalo na kapag gumagamit ka ng *cellphone*. Kasi kailangan mo siyang isa-isahin lalo na sa…ahh… mga salita. Kung sa *laptop* naman siya gagamitin, kailangan mo talaga yong ano rin… yong *internet connection*. So, hindi madaling mag-*edit* ng ano … mismong ano… (*video lesson*). Minsan, nanonood na lang sa Youtube para alam ko kung paano siya gawin. Oo, sariling sikap na lang tayo nito (tawa).

Ito ay sinuportahan ng pag-aaral ni Dieli (2020), nang lumabas sa tema ng kaniyang pag-aaral na "natutuhan ng guro ang mga bagong tools" nang tanungin ang mga guro hinggil sa persepsyon nila sa paggamit ng teknolohiya sa silid-aralan. Sa madaling salita, naging mapamaraan ang guro upang makatuklas ng bagong kaalaman sa digital na mundo ng pagtuturo at pagkatuto.

**Aktibong Nakikilahok sa mga Pagsasanay**

Nangibabaw ang temang ito na may pangunahing ideya tulad ng aplikasyon sa mga natutuhan, ang kolaborasyon sa kasamahan, at ang pag-adap at pakikiayon sa teknolohiya. Sa ika-21 siglong edukasyon, mahalaga ang mga pagsasanay gamit ang iba't ibang digital tools sapagka't ang mga guro ay nagtuturo sa digital natives. Inilahad ng pag-aaral na ito na aktibong nakikilahok ang mga guro sa mga pagsasanay hinggil sa ICT digital tools katulad ng Technology Enhance Learning Approach o TELA noong taong 2017 na isinagawa ng departamento ng edukasyon dito sa Lungsod ng Heneral Santos. Dahil sa mga pagsasanay na ito, naging interesado ang mga guro sa pagtuklas ng kakaibang uri ng pagtuturo at pagkatuto gamit ang internet.

Ang tema na ito ay sinuportahan ng pag-aaral ni Lamb (2021) hinggil sa "pagsasanay". Sinabi ng kaniyang mga kalahok na sa kabila ng maikling panahon ay nagsagawa naman ng pagsasanay ang kanilang paaralan. Ito ay nakatulong nang malaki upang magkaroon ng tiwala sa sarili ang mga guro na makayang turuan ang mga batang digital natives. Kaya naman, inaasahang nakikilahok ang mga guro sa mga pagsasanay hinggil sa ICT digital tools at gamitin kaagad sa klase.

**Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Information and Communications Technology (ICT) Digital Tools sa Pagtuturo ng Filipino (Kahinaan)**

Nang tinanong ang mga impormante hinggil sa kahinaan nila sa paggamit ng ICT digital tools, tatlong mga tema ang nabuo sa pag-aaral na ito. Ito ay ang kahirapan sa internet access at gadyet, kahirapan sa pagsubaybay sa gawain ng mag-aaral, at pangangailangan ng dagdag na pagsasanay. Nabanggit ng mga impormante na alam nila ang paggamit ng ICT digital tools subali't marami ang nagiging hadlang kaya hindi ito naipatutupad sa klase.

Ang mga temang ito na natuklasan mula sa semi-structured na panayam ay tinaya, inalisa, at binigyan ng interpretasyon. Ang pag-aaral ay binubuo ng mga sipi, kaugnay na pag-aaral, at implikasyon ng bawat tema mula sa karanasan ng sampung impormante sa paggamit ng Information and Communications Technology (ICT) digital tools sa pagtuturo ng Filipino.

**Kahirapan sa Internet Access at Gadyet**

Ito ay isa sa mga tema ng pag-aaral sapagka't nagdulot ng iba't ibang hamon sa mga guro ang online na klase. Nakita sa pag-aaral na ito ang mga pangunahing ideya tulad ng limitadong koneksyon sa internet, hindi makabago ang gadyet na ginamit at pinansyal na kakayahan. Ayon sa isang artikulo, noon pa man naging suliranin na sa Pilipinas ang mabagal na koneksyon sa internet (Bilbao et al., 2019). Ang suliraning ito ay maaaring magdulot ng negatibong epekto sa motibasyon ng paggamit nito. Maging ang suliranin sa gadyet sa iba't ibang aspekto ay talamak na (Bilbao et al., 2019). Narito ang pangunahing ideya sa kasunod na mga talata.

**Limitadong Koneksyon sa Internet**. Ang limitadong koneksyon sa internet sa proseso ng pagtuturo ng guro at pagkatuto ng mag-aaral ay matagal nang suliranin. Mahirap para sa mga guro kapag walang koneksyon sa internet lalo na kapag nais nilang magturo ng E-lessons, E-games, at Google Classroom. Isa ito sa nagiging sagabal upang mabigyang aplikasyon ng mga guro at natutuhan sa seminar. Narito ang sinabi ng mga impormante nang tanungin sila kung ano ang kahinaan nila sa paggamit ng ICT digital tools:

> Kc: … Syempre next, yong *internet connection*, wala tayong, wala talaga tayong andito… *connection*. Na ano, kung mag-data ka rin magastos din naman yon. *Then*, hindi rin naman yong tulad nong dalhin mo sila dito sa *computer lab*. Di rin naman pwede palagi kasi may klase o may gumagamit. Di mo mai-*apply* yong ibang mga gusto mong gawin na *related* sa (ICT *digital tools*), basta gumamit ng *internet*, ganyan.
> Kj: Hindi rin ako nakakagamit ng pagsasanay *online* tulad ng Padlet o Quizziz kasi walang *internet connection* sa silid-aralan na kung saan mas mag-*eenjoy* sana ang mga bata at mas matututo.

Ang tema na ito ay sinuportahan ng pag-aaral ni Keckler (2018), tungkol sa naging persepsyon ng isang K-12 na guro hinggil sa silid-aralan, lugar ng pagsasanay, at sesyon para sa mga panteknolohiyang pagsasanay. Diumano'y napakalaking suliranin ang mahirap na kondisyon ng isang silid-aralan o ang lugar ng pagsasanay katulad na lamang ng limitadong internet, walang sapat na programa, at ang nakalilitong hakbang na ibinabahagi ng tagapagsanay ay hindi nakapagpapanatili ng kaalaman at paglipat ng kasanayan.

Hindi Makabago ang Gadyet na Ginamit. Napakalaking hamon para sa mga guro ang isang online na klase lalo na kapag ang kanilang gadyet ay hindi makabago. Nagkakaroon ng malaking bilang ng dropout kapag hindi ito masosolusyonan ng alinmang paaralan. Sa online na klase halimbawa, napag-alaman na kaunti na lamang

ang pumapasok dahil walang motibasyon ang mag-aaral dahil ang ilan ay maaaring nasira na ang gadyet.

**Talahanayan 2**
**Kahinaan ng Guro sa Paggamit ng ICT Digital Tools**

| Mga Tema | Pangunahing Ideya | Dalas ng mga Tugon |
|---|---|---|
| Kahirapan sa *Internet Access* at Gadyet | Limitadong Koneksyon sa *Internet* | Pangkalahatan |
| | Hindi Makabago ang Gadyet na Ginamit | Tipikal |
| | Pinansyal na Kakayahan | Pangkalahatan |
| Kahirapan sa Pagsubaybay sa Gawain ng Mag-aaral | Kaunting Atendans sa *Online* | Pangkalahatan |
| | Masyadong Huli ang Pagpasa ng Gawain ng Mag-aaral | Pangkalahatan |
| | Kulang sa Disiplina ang Mag-aaral | Pangkalahatan |
| Pangangailangan ng Dagdag na Pagsasanay | Kahirapan sa Edad | Pangkalahatan |

Samantala ang mga guro ay kailangang magkaroon pa ng mas high-tech na gamit sa ICT digital tools dahil hindi tuloy-tuloy ang pagkatuto kapag biglang nawala ang guro sa klase o huminto ang kanyang presentasyon. Sa paggawa naman ng video lesson, mas magandang ICT digital tools, mas mataas ang kalidad ng video. Narito ang persepsyon ng ilang impormante sa isyung ito:

> Kf: Wala kaayo ko gagamit ug Quizizz o Padlet kay minsan man gud kay sa *connection* pod gud. So, kailangan kusog pod ang *connection* para dili mag-*lag* (ang *laptop*) sa *students*. (Hindi ako masyadong gumagamit ng Quizizz o Padlet kasi minsan dahil sa *internet connection* din kasi. Kailangang malakas din ang koneksyon sa *internet* para hindi mag-*lag* ang laptop ng mag-aaral).
> Kj: … pipili pa talaga tayo ng *video editor* na malinaw, kasi sa akin, yong ginagamit ko sa pag-*edit is* yong *Adobe Premiere*. Tapos, gumagamit din ako ng DSLR na *camera* para sa pagkuha ng aking ano, ng larawan ng *video* ko.

Lumitaw rin sa pag-aaral ni Fraser (2020), na nagkaroon ng suliranin sa pagkakaroon ng high-tech na gamit ang mga guro. Dagdag pa sa kanilang pag-aaral, inirekomenda na ang pagkakaroon ng internet, laptop, iPods at smartphones sa lahat ng mga guro ay positibong impluwensya sa karanasan ng mga guro dahil ang kakayahan sa ICT digital tools ay nangangailangan ng mahabang oras ng pagsasanay.

**Pinansyal na Kakayahan.** Sa pag-aaral na ito, naging kahinaan ng guro ang kakayahang pinansyal, subali't dahil mapamaraan ang guro ay naipagpatuloy pa rin ang edukasyon. Sa pagkakaroon ng online na klase, karamihan sa mga guro ay gumagamit lamang ng data, may iilan naman sa silid-aralan ang walang telebisyon. Kailangang gumastos ng ibang guro upang maipagpatuloy ang online na klase gamit ang data. Dagdag pa rito, ang pagkakaroon ng laptop na mas matibay at high-tech ay nangangailangan ng mas malaking halaga upang mabili ito. Bagama't nahirapan ang guro sa pinansyal na aspekto, ganoon din ang mag-aaral lalong-lalo na ang kanilang mga magulang.

> Ke: Unang una dito, isa sa mga *disadvantages* ng paggamit ng ICT is yong una, yong *connection*, *internet connection*. Hindi lahat ng mga guro, aminin natin, hindi lahat ng mga guro ay mayroong *internet*.
> Kf: May mga *classroom* kasi na walang *TV*. So, maliit kasi kapag nasa *screen* ka lang ng *laptop* o ng *net book* mo mag-*present* ng ano mo PowerPoint.

Nakita sa pag-aaral ni Lamb (2021), na ang kakulangan ng kagamitan sa ICT digital tools ay nagiging hadlang sa matagumpay na implementasyon ng ICT sa pagtuturo sa silid-aralan. Ang mga guro at mag-aaral ay maaaring mawalan ng motibasyon na naging isang malaking isyu sa mga paaralan. Ganunpaman, sinabi sa kaniyang pag-aaral na mas paigtingin pa ang ideya na ito upang magkaroon ng mas matibay na ebidensya.

**Kahirapan sa Pagsubaybay sa Gawain ng Mag-aaral**

Ang tema na ito ay lumitaw nang tanungin ang mga guro hinggil sa karanasan nila sa online na pagtuturo. Naging suliranin na ang pagliban sa klase ng ilang mag-aaral sa face-to-face at nang nagkaroon ng online na klase ay nagdulot ng dobleng suliranin pagdating sa atendans at pagpasa ng gawain ng mag-aaral ang mga guro. Naging pangunahing ideya ng temang ito ang kaunting atendans sa online, masyadong huli ang pagpasa ng gawain, at kulang sa disiplina ang mag-aaral. Katulad na lamang ng pag-aaral ni Lucey (2018), napag-alaman niya na napakalaki ng epekto ng motibasyon sa pagpapatuloy ng mag-aaral sa online. Ang kawalan ng pagpupursige ng mag-aaral ay isa sa nangungunang dahilan kung bakit huminto sila sa online na klase.

**Kaunting Atendans sa Online**. Ang malaking bilang ng dropout ay isa sa mga suliranin na kailangang masolusyonan ng alinmang paaralan. Nadagdagan ang suliranin nang nagkaroon ng online na klase. Kaya naman, ang mga guro ay pinagsusumikapan na makipag-ugnayan sa mga magulang at mag-aaral kung kinakailangan. Sa klase, halimbawa, napag-alaman na kaunti na lamang ang pumapasok dahil walang motibasyon ang mag-aaral. Sinabi ni Kd sa sumusunod na transkripsyon na:

> Kd: "*So far*, kung may porsyento, so far, mga 50 to 60 % na lang ang naga-*attend* ng klase. Mas kumonti talaga sila. Yon ang mahirap ngayon."

Dagdag pa ni Lucey (2018) sa ideyang ito, na mas nais ng mag-aaral na matutuhan ang mga bagay na may kasama. Naging suliranin sa isang mag-aaral ang pakikipag-interaksyon kaharap ang guro at kompyuter sa online. Sa kaniyang pag-aaral, isa ito sa mga dahilan kung bakit kaunti na lamang ang atendans ng mag-aaral.

**Masyadong Huli ang Pagpasa ng Gawain ng Mag-aaral**. Naging kahinaan din ito sa online na klase kaya ang mga guro ay piniling makibagay sa araw ng pagpasa ng mag-aaral. Kailangang intindihin ng isang guro ang mag-aaral kung bakit hindi ito nakapapasa sa Google Classroom. Karamihan sa mga impormante ay binanggit ang kahinaang ito:

> Kf: *Disadvantage* ng Google Classroom? Ahm, yon lang, kasi kapag i-*set* mo ang *time*. Pag i-*set* mo yong *time or date*, *deadline*. So, hindi na maipapasa ng mga mag-aaral *if ever late* sila. (tawa) Kailangan mong mag-*adjust*.

Ang pag-aaral tungkol sa kahinaan ng ICT digital tools, tulad ng Google Classroom, ay lumabas sa pag-aaral ni Ng (2020), na nagkaroon ng kahinaan sa paggamit nito nang tanungin ang kaniyang mga impormante. Ang suliraning ito ay nagkaroon ng suliranin sa pagsulat ang mag-aaral dito o kahirapan sa pagpaskil ng mga gawain.

**Kulang sa Disiplina ang Mag-aaral.** Ang pangunahing ideya na ito ay lumitaw pa rin sa online na klase na kung saan ang mag-aaral ay nagpakita ng kakulangan ng disiplina bukod sa huling pagpasa ng gawain. Nang tanungin ang mga guro kung alin ang mas pipiliin nila, online ba o face-to-face ay lumabas ang hinaing na sana maibalik na ang face-to-face dahil sa mahirap na pagsubaybay sa ugali ng mga bata sa pag-aaral.

Nakita rin sa pag-aaral ni Aslan (2020) ang kawalan ng disiplina ng mag-aaral sa online na klase. Ito ay may kaugnayan sa binanggit ni Keckler (2018) tungkol sa isang tema na "The Connect Four Approach" upang mabawasan ang takot at pangamba ng mga kalahok sa paggamit ng teknolohiya. Ito ay ang paggamit ng apat na koneksyon sa

teknolohiya, ang koneksyong kilos, pangkaisipan, agarang tugon, at ang kakayahang komonekta sa iba araw-araw.

> Kc: Para sa akin kasi, mas maigi pa rin yong *face-to-face*. Kasi sa atin eh, ay nagtuturo tayo ng *literature* (panitikan). Kumbaga, mas maganda pa rin yong nandun ka bilang guro na *personal* na nagtuturo sa kanila… Yong *online* kasi, di mo man lahat sila ma-*please* na mag-ano (makinig). Di mo nga alam kung nakikinig yan diyan pag naka-*off* ang *camera*. Di mo nga alam kung nandiyan ba talaga yan o iba ang ginagawa nyan pag nagsasalita ka, di'ba? Sige ka lang yawyaw (salita) didto (doon sa Google Meet) pero hindi naman nakikinig.

Nakita rin sa pag-aaral ni Aslan (2020) ang kawalan ng disiplina ng mag-aaral sa online na klase. Ito ay may kaugnayan sa binanggit ni Keckler (2018) tungkol sa isang tema na "The Connect Four Approach" upang mabawasan ang takot at pangamba ng mga kalahok sa paggamit ng teknolohiya. Ito ay ang paggamit ng apat na koneksyon sa teknolohiya, ang koneksyong kilos, pangkaisipan, agarang tugon, at ang kakayahang komonekta sa iba araw-araw.

**Pangangailangan ng Dagdag na Pagsasanay**

Ang panghuling tema sa pag-aaral na ito ay nakita na naging mapanghamon para sa mga guro ang limitadong kaalaman sa applications. Inamin din naman ng mga kalahok na nabibilang sa Generation X sina Ka, Kb, at Ke na nahihirapan silang makisabay sa mas bata sa kanila o milenyals kaya kailangan pa nila ng mas mahabang panahon at pagsasanay pa sa isang birtwal na klasrum.

Sinuportahan ang temang ito ng pag-aaral ni Pettway (2019), sapagka't nagkaroon lamang ng kaunting manggagawa ang gumagamit ng teknolohiya. Kaya naman, nagkaroon ng age gap tungkol sa integrasyon ng teknolohiya sa kaniyang mga kalahok.

**Kahirapan sa Edad**. Alam ng mga guro ang paggamit ng teknolohiya sa isang mas simpleng paraan. Bagama't nakikisabay sila sa makabagong agos ng edukasyon pagdating sa ICT digital tools, minsan nagiging sagabal sa kanila ang pisikal na kondisyon. Hindi na masyadong nakatututok ng matagal sa kompyuter ang mas matandang guro. Ito ang nabanggit ng halos lahat na impormante na kabilang sa Generation X.

Bagama't ang edukasyon sa kasalukuyan ay umaasa sa teknolohiya o ICT, nabanggit ni Liberman (2018), na kalimitan sa kaniyang kalahok na Baby Boomers ay

gumagamit ng PowerPoint Presentation sa pagtuturo sa face-to-face at hybrid na lektyur, subali't ang paggamit ng ibang digital na teknolohiya ay wala.

> Ka: Napakalaki ng pagbabago. Unang una sa edad ko, hindi na ako *techy*… *So, struggling* para sa akin ngayong bagong normal pero ganunpaman, kailangan kong makisabay. Kasi sa edad ko, nahihirapan na ako, kung minsan, di ko pa nakikita ang pinipindot. Ang daming pinupuntahan. Kumbaga, wala na akong pasensya para sundan ang mga 'yon. Kaya, kung makapag-*present* man ako, *very simple presentation* lang.

Bagama't ang edukasyon sa kasalukuyan ay umaasa sa teknolohiya o ICT, nabanggit ni Liberman (2018), na kalimitan sa kaniyang kalahok na Baby Boomers ay gumagamit ng PowerPoint Presentation sa pagtuturo sa face-to-face at hybrid na lektyur, subali't ang paggamit ng ibang digital na teknolohiya ay wala.

**Mahabang Panahon na Paghahanda**. Ang kagamitan sa pagtuturo gamit ang ICT digital tools ay nangangailangan ng mas mahabang oras na paghahanda. Ang kakulangan ng oras sa paggawa ay maaaring makaapekto sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto kaya nangangailangan ito ng sapat na atensyon. Ganunpaman, napakaganda ng naidudulot ng kompyuter sapagka't kaya nitong itago ang kagamitan ng guro tulad ng PowerPoint Presentation at video lesson na maaaring magamit at mapaunlad pa sa hinaharap.

Ang mahabang oras sa paghahanda, ayon kay Deeley (2021), ay makatutulong upang makatipid ng oras sa hinaharap. Kaya naman, kasama sa kaniyang pag-aaral ang tema na "ang oras at pagsasanay ay kinakailangan sa paggawa at pagtuturo gamit ang integrasyon ng teknolohiya".

> Ki: Yes mam Win, *Adobe*, tapos dapat maganda yong *camera* na ginagamit kasi iba yong likha ng *cellphone* sa *camera* na DLSR na ginagamit. O yong tinatawag natin na mas maano na… mas *high tech* na *camera*… Nong si sir ___ na ang gumawa, natapos niya lang ng 1 *day*. Tapos nong ako na, siguro natapos ko ng mga 4 *days*. Yong pag konek konek ng *video* kasi nag-a-*adjust* pa man ako mam Win kung paano siya i-*connect*, pa'no siya lalagyan ng *music*, paano siya lalagyan ng *background*, yong *effects*.

**Birtwal na Klasrum**. Ito ay mahalaga lalo na sa panahon ng krisis. Dito sa Pilipinas, na kung saan nakasanayan na ang face-to-face, hindi maiwasang mahirapan ang mga guro sa pamamahala ng isang birtwal na silid-aralan. Unang-una, dahil walang

personal na interaksyon. Pangalawa, hindi mo nakikita ang ekspresyon ng kanilang mukha. Pangatlo, hindi mo malaman kung nakikinig ba o hindi ang mag-aaral dahil naka-off ang camera, at pang-apat, hindi mo sila madisiplina. Dahil dito, nakasalalay sa estratehiya ng isang mahusay at matiyagang guro ang pamamahala sa isang birtwal na klasrum upang maging matagumpay ang mag-aaral.

> Ki: Grabe ang pag-*adjust*. Yong dati, sa *face to face*, makatulog ka na ng 9 P.M to ano… pero ngayon, *online*, kailangan mo talagang mag-*prepare*. So, mag-*search* nang mag-*search* ng ganito kasi bukas mag ganyan-ganyan. *So*, iba talaga, mahirap mag-*adjust* sa klase.

Ito rin ay katulad ng pag-aaral na isinagawa ni Fraser (2020), isa sa kaniyang apat na tema ay ang professional development na kinakailangan ang pagpapaunlad sa mga pedagohikal na pagsasanay upang makita ang pinakamahusay na resulta. Ito ay nangangailangan ng mahabang panahon sa paghahanda upang maipagpatuloy lalo na ang birtwal na klase. Mahirap man sa umpisa, subali't nasanay na rin ang mga guro sa isang birtwal na mundo.

Malaki ang kaugnayan ng Diffusion of Innovation Theory ni Everett M. Rogers sa pag-aaral na ito dahil ang mga guro ay kabilang sa isang sistema na patuloy na umiiral ang makabagong teknolohiya sa pagtuturo (Deeley, 2021). Mapapansin na ang mga guro ay maaaring mapabilang sa iba't ibang kategorya na nabanggit sa teorya katulad ng innovators, early adopters, early majorities, late majorities, at laggards. Ilang beses na nabanggit ng mga impormante na napabilang sa Generation X na nahihirapan silang makisabay sa Generation Y pagdating sa ICT digital tools kaya mas pipiliin ng mga gurong ito ang pinakasimpleng paraan ng paglalahad sa klase sa halip na gumamit ng E-lesson at E-games sa pagtuturo. Sa huli, maaaring mawalan ng motibasyon ang mga guro sa paggamit ng ICT digital tools dahil sa mga kahinaang nararanasan sa paggamit nito.

## Talakayan

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy at maunawaan ang karanasan ng mga guro sa paggamit ng Information and Communications Technology (ICT) digital tools sa pagtuturo ng Filipino. Ang mga guro ay lumahok sa mga pagsasanay kaya marunong na silang gumamit ng mga ICT digital tools sa pagtuturo tulad ng audio o video, E-games, E-lessons, laptop, PowerPoint, projector, smart cellphone, smart na telebisyon, at speaker. Ito ay maituturing na kalakasan (advantages) ng mga guro dahil hindi na sila gaanong gumagamit ng tradisyonal na ICT ngayon. Nadagdagan pa ang kanilang kaalaman nang sumali sa pagsasanay tulad ng Technology

Enhanced Learning Approaches o TELA noong taong 2017 na kung saan mas pinaigting ang aplikasyon sa natutuhan, pakikipagkolaborasyon sa kasamahan, at pag-adap at pakikiayon sa ICT digital tools.

Ganunpaman, napagagaan ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto sapagka't gumamit ng iba't ibang Information and Communications Technology digital tools. Napabibilis nito ang paglalahad ng aralin sa klase, maging ang pagkuha ng impormasyon, at napukaw ang interes ng mag-aaral. Sa madaling salita, nakatulong sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa pagtuturo ang paggamit ng ICT digital tools na naging kalakasan ng mga guro. Ang pansariling pamamaraan sa pagkatuto sa paggamit ng digital tools ay nabuo ang mga pangunahing kaisipan tulad ng pansariling pagkatuto, eksplorasyon, at mapamaraan. Bagama't may mga pagsasanay na naranasan ang mga guro, kailangan pang pag-ibayuhin ng mga guro ang paggamit nito. Karamihan sa kanila ay mahilig sa eksplorasyon at panonood ng learning platforms, tulad ng Youtube, upang mas masundan pa ang proseso. Naging mapamaraan ang guro upang maka-download ng aralin na gagamitin sa klase.

Samantala, natukoy ng pag-aaral na ito ang mga kahinaan (disadvantages) ng mga guro sa paggamit ng Information and Communications Technology digital tools. Isa na rito ang kahirapan sa internet access at gadyet na naging pangunahing kaisipan ang limitadong koneksyon sa internet, hindi makabago ang gadyet na ginamit, at pinansyal na kakayahan. Ibinunyag sa temang ito na kaunti na lamang ang sumasali sa online nang tinanong ang mga impormante sa tugon ng mag-aaral gamit ang ICT. Napagtanto sa pag-aaral na ito na halos lahat ng mga mag-aaral na lumiliban sa klase ay mahina ang internet, nasira ang gadyet, wala ng data, at nakiki-Piso Wi-Fi lamang. Isa lamang sa impormante ang nagsabi na aktibo ang kaniyang mag-aaral sa pagpasa ng mga gawain.

Ang kahirapan sa pagsubaybay sa gawain ng mag-aaral ay nakita rin bilang tema sa pag-aaral na ito. Nakasaad sa temang ito na nahihirapan ang mga guro sa pagsubaybay o follow-up sa gawain ng mag-aaral gamit ang ICT digital tools, tulad ng Google Classroom. Ito ay nagsilbing gabay upang matukoy ang mga pangunahing kaisapan na nakaranas ang mga guro ng kaunting atendans sa online, masyadong huli ang pagpasa ng gawain, at kulang sa disiplina ang mag-aaral.

Ang panghuling tema ay ang pangangailangan ng dagdag na pagsasanay na paulit-ulit na binanggit ng mga impormante. Ito ay tumutukoy sa dagdag na pagsasanay na bibigyang konsiderasyon ang edad, ang haba ng panahon sa paghahanda, at isang birtwal na klasrum. Sa bahaging ito ng aking pag-aaral, inamin ng mga guro sa Generation X na sina Ka, Kb, at Ke na nahihirapan silang makisabay sa mas bata dahil sa edad. Kaya naman, karamihan sa kanila ay nagpapatulong sa may alam.

Dahil sa mga naunang karanasang binanggit ng mga impormante, mas napalilinang at napauunlad ang pagtuturo ng Filipino gamit ang ICT digital tools sa pamamagitan ng paglinang ng mga plano ukol sa paggamit nito (Deeley, 2021). Sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga plano ay makapagbibigay rin ng mas maliwanag na ideya tungkol sa pangangailangang pansilid-aralan gamit ang ICT digital tools dahil bago pa lamang sa mga guro ang ilang kagamitan. Pangalawa, ang positibong persepsyon tungo sa Information and Communications Technology digital tools na nangangahulugang dapat isaalang-alang sa pagplano gamit ang ICT ay ang katangian ng mga guro tulad ng positibong persepsyon tungo rito (Dieli, 2020). Sa experiential na pagtuturo, nagiging progresibo ang ICT kapag may positibong tugon ang mga guro (Dieli, 2020). Pangatlo, kapag nakamit ang layunin sa klase na kaakibat ng paghahanda ang pagpapaunlad sa mga plano (Winterhalder, 2017) at dapat tandaan na ang mga planong ito ay student-centered at may problem solving (Sweitzer, 2019). Pang-apat, ang propesyonal na pag-unlad sa ICT digital tools na napakahalaga sa pagpapakita ng kumpyansa sa sarili ng guro (Deeley, 2021). Ang kahinaan ng internet at mababang kalidad ng gadyet para sa mag-aaral ay nakaaapekto sa proseso ng pagtuturo at kumpyansa ng guro (Keckler, 2018). Panlima at panghuli, umangkop sa pagbabago sa teknolohiya na lahat ng guro ay kailangang makiayon sa paggamit ng ICT digital tools, sa alinmang organisasyon upang magdulot ng positibong resulta (Pettway, 2019). Bagama't nahirapan sa umpisa, kailangang maglaan ng mas mahabang oras upang matuto nito.

**Pangwakas na Pahayag**

Hindi maikakaila na maraming guro ang gumagamit ng Information and Communications Technology digital tools sa pagtuturo ng Filipino. Noon, naging bahagi na ng paghahanda ng isang guro ang paggamit ng non-digital na ICT tulad ng aklat, Manila Paper, kartolina, scotch tape, pisara, at yeso sa klase. Ito ay dahil sa katotohanan na kaunti pa lamang ang mga silid-aralan na may smart na telebisyon. Hanggang sa dumating ang pagsasanay na Technology Enhance Learning Approaches o TELA na nagpabago sa kultura ng mga guro sa paggamit ng ICT digital tools.

Unang taon ng bagong normal na pagtuturo, naging pamamaraan sa mga paaralan ang online na klase. Totoong dumaan ang mga guro sa pagsasanay hinggil sa TELA subali't magagamit ito kapag may internet kaya mas mabuti kapag may sariling internet sa bahay ang mga guro. Nakalilito sa umpisa dahil ang daming pinipindot sa paggamit ng Quizizz, PowerPoint Interactive Quiz, Kahoot, Google Classroom, at marami pang E-lessons sa klase, subali't mas madali ang klase kapag ginagamit ang mga ito. Ganunpaman, kailangang makiayon ang isang guro sa lahat ng uri ng pagtuturo at pagkatuto sa lahat ng uri ng panahon.

Naging malaking hamon ang mga babasahin na pawang Ingles upang matapos ang pananaliksik na ito sa Filipino. Ginamit ang Google Translate sa pagsasalin sa wikang Filipino na dumaan naman sa proseso ng paghalaw (paraphrase) at pagsasaling-wika. Mapanghamon din ang paghahanap ng mga aklat o babasahin tungkol sa Information and Communications Technology digital tools. Kailangan ng dagdag na lakas at pagpupursige sa paghahanap ng kaugnay na literatura at pag-aaral tungkol sa ICT sa Filipino. Dagdag pa ang manwal na transkripsyon ng mga datos dahil walang software para sa pag-transcribe nito.

Ang pag-adap sa teknolohiya ng mga gurong kasangkot sa pag-aaral ay kaugnay ng Diffusion of Innovation Theory. Tatlo sa mga Generation X ay nahirapang makisabay sa mas bata sa kanila pagdating sa ICT digital tools at napansin din naman ito ng mga milenyal. Ang mga gurong Generation X ay maaaring nabibilang sa early majorities, late majorities, o laggards at marami sa kanila ay nawawalan na ng motibasyon sa paggamit ng ICT digital tools dahil sa kahinaan na nararanasan. Kaya naman, nagagawa nila na payak lamang ang presentasyon subali't ang E-games at E-lessons ay minsan lang o hindi talaga nagagamit. Ganunpaman, kailangang makisabay ang mga guro sa nagbabagong uri ng pagtuturo gamit ang teknolohiya upang makiayon sa agos ng edukasyon sa ika-21 siglo.

Ang napapanahong isyu tungkol sa teknolohiya ay hindi mawawala at maaaring magamit pa ng susunod na henerasyon. Sapagka't ang mga tao ay patuloy na nagsasagawa ng mga inobasyon upang maging mabilis at magaan ang mga gawain. Sa paglipas ng mga panahon, umuunlad ang teknolohiya. Kaya bilang isang guro, kailangang pagsumikapan na mapaunlad ang sarili gamit ang ICT digital tools na ito nang sa ganoon, higit pa na maiaangat ang sarili at matulungan ang mga tao sa paligid. Ang pagtulong na ito ay sa pamamagitan ng pagbahagi ng mga natutuhan pagdating sa ICT digital tools sa mag-aaral at kapwa guro.

Sa huli, ang pag-aaral na ito ay natukoy ang buhay na karanasan ng mga guro pagdating sa ICT digital tools. Naging daan ito upang maunawaan ang mga guro gamit ang makabagong teknolohiya sa pagtuturo ng panitikan at balarila. Napakanatural at totoong-totoo ang mga resulta ng nakalap na datos sa pagsasagawa ng pananaliksik na qualitative. Kaya naman, kailangan ang mahusay na mga plano upang mabigyan ng aplikasyon ang ICT digital tools depende sa pangangailangan ng mag-aaral. Kailangang makisabay ang guro sa nauusong hilig ng kabataan sa pagkatuto, ang paggamit ng ICT digital tools sa pagtuturo ng Filipino, na siyang tagapagtaguyod ng ating kultura na nalilinang at pinauunlad sa pamamagitan ng masining at makabagong kagamitan.

**Talasanggunian**

Aslan, S. (2020). Teacher candidates' experiences with the flipped classroom model: A phenomenological approach. *International Journal of Contemporary Educational Research*, 7(2), 202-211. DOI: https://doi.org/10.33200/ijcer.718461

Bilbao, P., Dequilla, M., Rosano, D., & Boholano, H. (2019). Teaching and Learning 1. Quezon City: Lorimar Publishing, Inc.

Cabactulan, A. F. (2019). Kabisaan ng Paggamit ng E-learning Materyals sa Pagtuturo ng Panitikan sa Filipino 8 (Di-nalathalang Master's Tesis). Holy Trinity College of General Santos City, Daproza Ave., Lungsod ng Heneral Santos.

Caminiti, N. (2019). A Phenomenological Study of Teachers Who Participate in a 1:1 Computing Device Program. (Published by ProQuest Doctoral Thesis). Wilkes University.

Creswell, J. (2014). Research Design, Qualitative, Quantitative and Mixed Methods Approaches. California: SAGE Publications, Inc.

Deeley, R. (2021). Teachers' Perceptions of Factors That Contribute To Technology-Infused Instruction: A Qualitative Descriptive Study (A Dissertation Published By Proquest). Northcentral University, La Jolla, California.

Dieli, A. (2020). Success Stories: Community College Teachers Using Technology to Engage Online Students (A Dissertation Published by ProQuest). State University of New York, Oswego.

Espique, F. & Ayao-ao, S. (2020). Technology for Teaching and Learning 2. Quezon City: Lorimar Publishing, Inc.

Fernandez, A. G. (2021). Ang Distance Learning at ang Sining ng Pagtuturon at Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Panahon ng Pandemya. Schools Division of Balanga City. http://depedbalangacity.com/ang-distance learning-at-ang-sining-ng-pagtuturo-at- pagkatuto-ng-mga-mag-aaral sa-panahon-ng-pandemya/

Fraser, R. (2020). Teacher's Perception of Technology Leadership That Impact Technology Use in the Classroom (A Dissertation Published by ProQuest) Wilkes University.

Gates, A. (2021). Middle School Educators' Perceptions of Professional Development for Virtual Education during Covid-19 (A Dissertation Published by ProQuest). Concordia University – Chicago, River Forest, Illinois.

Gonzalvo, R. P. (2016). Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Manila: Mindshapers Co., Inc.

Keckler, K. (2018). Technostress and the K–12 Educator: A Phenomenological Study of K–12 Educators and Their Perceptions of Stress Levels, Frustrations, and Fears When Learning New Technologies for Curriculum (A Dissertation Published by ProQuest). American College of Education.

Lamb, D. (2021). A Phenomenological Study Examining How the COVID-19 Pandemic Changed the Way Teachers Use Technology to Deliver Instruction from March 2020-May 2021 (Electronic Theses and Dissertations). Paper 3975. https://dc.etsu.edu/etd/3975

Liberman, L. (2018). A Phenomenology Study on Dental Faculty Preparedness for Using Technology in Face-to-Face, Hybrid Courses, and Online Course to Reach Digital Native Learners (Published by ProQuest Doctoral Thesis). Northcentral University School of Education, San Diego, California.

Lucey, K. (2018). The Effect Of Motivation On Student Persistence In Online Higher Education: A Phenomenological Study Of How Adult Learners Experience Motivation In A Web-Based

Distance Learning Environment (A Dissertation Published by ProQuest). Duquesne University.

Maranan, M., Pesigan, N., & Dungo, C. (2016). Ang guru: Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Manila: Mindshapers Co. Inc.

Ng, C. W. (2020). Teaching with Cloud Computing in Schools: an affordance analysis of Hong Kong teacher perceptions (Doctoral Thesis, University of Bristol). ethos.bl.uk. https://ethos.bl.uk/OrderDetails.do?uin=uk.bl.ethos.824157

Pettway, J. (2019). An Aging Workforce and the Technology Gap: An Exploratory Multiple Case Study (A Dissertation Published by ProQuest). Walden University).

Sweitzer, A. B. (2019). A Phenomenological Study Exploring the Adoption of Social Networking Platforms to Achieve Digital Literacy for All Learners (Doctoral dissertation. Nova Southeastern University). NSUWorks, Abraham S. Fischler College of Education. (240) https://nsuworks.nova.edu/fse_etd/240.

UP Diliman University Council (2018, December 10). Panatilihin at Pagyamanin ang Wikang Filipino at Panitikan sa Kolehiyo.https://upd.edu.ph/panatilihin-at-pagyamanin-ang-wikang filipino-at-panitikan-sa-kolehiyo-pahayag-ng-up-diliman-university-council/

Vallejo, L. L. (2019). Use of Video Clips in Enhancing Mathematical Skills of Students at Risk of Dropping Out (SARDO) (Unpublished Master's Thesis). Holy Trinity College of General Santos City, Daproza Ave., General Santos City.

Winterhalder, J. (2017). Teachers' Perceptions and Experiences in Implementing Mobile Devices Into Their Teaching (A Doctoral Dissertation Published by Walden University ScholarWorks). Walden University.

Yang, F., He, S., Qi L., & Wen, J. (2020). Compliment Response in Teacher-Student Interaction: Examples from ICT Platforms. International Journal of Information and Education Technology, 10 (10), 787-791. http://www.ijiet.org/show-145-1699-1.html